MGA PARAAN KUNG PAANO I-PROMOTE ANG IYONG PRODUKTO O SERBISYO

Ang marketing ay higit pa sa isang advertisinig campaign; dapat kumita ang iyong negosyo dahil dito. Kapag naunawaaan mo ang mga iba't-ibang paraan upang i-promote ang iyong produkto o serbisyo, mapipili mo ang tama para sa iyong negosyo.

PRINT AT GRAPHIC ARTS MEDIA

Depende sa uri ng mensahe na nais mong ipabatid sa iyong mga customer, may iba't-ibang mga opsyon sa print media, kabilang ang: mga polyeto, business cards, ads sa dyaryo.

- Ang **brochures, posters at packaging** ay isang matipid pero mabisang paraan upang magbigay ng iba't-ibang mga mensahe at detalyadong impormasyon tungkol sa iyong mga produkto at serbisyo.
- Ang **business cards** ay maaaring gamitin upang suportahan ang iyong networking at bigyan ang mga maaaring maging customer ng impormasyon na kailangan nila upang makontak ka.
- Ang **advertising sa lokal na dyaryo** ay isang paraan upang maabot ang mga tao sa iyong komunidad at paulit-ulit nilang makikita ang iyong mensahe upang makilala ang iyong negosyo.
- Sa mga **magazine,** naaabot ang mga mas ispesipikong subscriber na interesado sa paksa na sinasakop ng mga ito.

ELECTRONIC MEDIA

Ang electronic media ay isang pangkahalatang termino para sa anumang media na nangangailangan ng isang elektronikong device para makuha ang mensahe. Ang ilan sa mga pinaka-karaniwang uri ng electronic media ay telebisyon, radyo, internet at content para sa mobile devices.

- Nararating ng **telebisyon** ang mas maraming audience kaysa sa anumang ibang media at ang target nito ay ang mga tao sa tahanan.
- Ang **radyo** ay matipid, at ang mga nakikinig ay karaniwang tapat sa porma ng programa ng istasyon.

Acclr, par le biais de son service d'intelligence d'affaires, reçoit le soutien financier de Développement économique Canada pour les régions du Québec et est membre du Réseau Entreprises Canada.

Acclr, through its business intelligence department, receives financial support from Canada Economic Development for Quebec Regions and is a member of the Canada Business Network.

Développement économique Canada pour les régions du Québec
Canada Economic Development for Quebec Regions

- Ang **internet** ay magbibigay sa iyo ng iba't-ibang mga paraan upang imarket ang iyong produkto o serbisyo sa website o email.

- Ang **cellphones at smartphones** ay para sa mga marketing tactic kung saan maaabot mo mismo ang mga customer sa kanilang mga cellphone.
- Hinihikayat ng **social media** marketing ang online interaction ng iyong mga customer sa iyong negosyo gamit ang mga iba't-ibang social networking sites.

MGA IBA PANG PARAAN UPANG MAG-PROMO

Mga promo na regalo, tulad ng mga pen, key ring at kalendaryo, ay maaaring ibigay sa mga indibidwal at mga grupo na personal mong kilala upang tumulong na magbigay ng magandang opinyon sa iyong kompanya at pagandahin ang reputasyon nito.

Ang **networking at community involvement** ay maaari ring magsuporta sa promo ng iyong negosyo. Makakagawa ka ng mga bagong kontak at maaabot mo ang mga taong maaaring maging customer sa pamamagitan ng paglahok sa mga trade show, mga komperensiya, mga gawain sa komunidad, at iba pang networking events. Ang makipag-usap sa mga tao tungkol sa iyong negosyo ay isa sa mga pinakamahusay na paraan upang ipromote ang iyong produkto o serbisyo.

Ang pagpaplano ng iyong marketing strategy ay makakatulong sa iyo na tiyakin ang pinakamainam na paraan upang ipromote ang iyong produkto o serbisyo, at nagpapahintulot sa iyo na ikumpara ang iyong tagumpay sa mga takdang layunin; mas malinaw mo ring makikita kung saan maaaring kailangang baguhin nang kaunti ang iyong strategy.